2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Pagpantig sa mga mas Mahahabang Salita




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Baitang 2 Alternative Delivery Mode**
**Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Pagpantig sa mga mas Mahahabang Salita**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Edmon L. Montemayor |
| **Patnugot ng Wika:** | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagasuri:** | Edquel M. Reyes MLIS |
| | Alma T. Bautista PhD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Marieanne C. Ligsay PhD |
| **Tagaguhit:** | Isagani D. Tique, Norman B. Cruz |
| **Tagalapat:** | Armando Deogines A. Garcia, Norman B. Cruz |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong PhD, CESO V |
| | Ronilo Al K. Firmo PhD, CESO V |
| | Librada M. Rubio PhD |
| | Ma. Editha R. Caparas EdD |
| | Nestor P. Nuesca EdD |
| | Engr. Edgard C. Domingo PhD, CESO V |
| | Leondro C. Canlas PhD, CESE |
| | Elizabeth O. Latorilla PhD |
| | Sonny N. De Guzman EdD |
| | Remedios C. Gerente PhD-CAR |

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III
Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando
Telefax: (045) 598-8580 to 8
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Filipino

## Ikaapat na Markahan – Modyul 1: Pagpantig sa mga mas Mahahabang Salita

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Filipino Baitang 2** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Pagpantig sa mga mas Mahahabang Salita!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

> ***Mga Tala para sa Guro***
> Ito'y naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Filipino Baitang 2 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Pagpantig sa mga mas Mahahabang Salita!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| *Alamin* | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| *Subukin* | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| *Balikan* | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| *Tuklasin* | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |

| | |
|---|---|
| *Suriin* | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| *Pagyamanin* | Binubuo ito ng mga gawaing para sa mapatnubay at malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| *Isaisip* | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| *Isagawa* | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| *Tayahin* | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |

| | |
|---|---|
| *Karagdagang Gawain* | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| *Susi sa Pagwawasto* | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| *Sanggunian* | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago tumungo sa iba pang pagsasanay.

6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makabuluhang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa mg kaugnay na kompetensi. Kaya mo

## Alamin

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang mapapantig mo ang mga mas mahahabang salita **(F2KP-IIc-3)**.

## Subukin

Panuto: Tukuyin kung ilang pantig ang nakasalungguhit na salita sa bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang letra ng tamang sagot.

1. Masustansya ang pagkain ng gulay.
   a. 1 b. 2 c. 3 d. 4

2. Mabagal lumakad ang pagong.
   a. 1 b. 2 c. 3 d. 4

3. Ang pangangalaga sa kalikasan ay isang mabuting gawain.
   a. 1 b. 2 c. 3 d. 4

4. Mahal ko ang bansang Pilipinas.
   a. 1 b. 2 c. 3 d. 4

5. Tumutulong ako sa mga gawaing bahay.
   a. 1 b. 2 c. 3 d. 4

| Aralin 1 | Pagpapantig sa mga mas Mahahabang Salita |
|---|---|

Sa iyong pagbabasa, mahalaga na matukoy at matutuhan mo ang wastong pagpapantig o pagbibilang ng pantig sa isang salita. Ang pagpapantig ay nangangahulugang wastong paghahati ng mga pantig ng isang salita.

Nakatutulong ang pagpapantig sa wastong pagbaybay at pagbigkas ng mga mas mahahabang salita.

Mga halimbawa ng tamang pagpapantig ng mga salita:

| **Salita** | **Pagpapantig** | **Bilang ng mga pantig** |
|---|---|---|
| adobo | a-do-bo | 3 |
| sinigang | si-ni-gang | 3 |
| minudo | mi-nu-do | 3 |
| pinakbet | pi-nak-bet | 3 |
| kaldereta | kal-de-re-ta | 4 |

## *Balikan*

Panuto: Hanapin ang salitang naglalarawan sa loob ng pangungusap. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Makinis ang balat ni Emmanuelle kaya dapat niya itong alagaan.

a. balat b. alagaan c. makinis

2. Ang basurahan na nasa labas ay mabaho.
a. basurahan b. labas c. mabaho

3. Ang aking magulang ay mapagmahal.
a. mapagmahal b. magulang c. akin

4. Ang umagang ito ay maaliwalas.
a. umaga b. ito c. maaliwalas

5. Matulungin ang pamilya ni Maria.
a. Matulungin b. amin c. pamilya

## *Tuklasin*

Nakakita ka na ba ng isang tipaklong? Nais mo bang malaman kung bakit walang tigil sa pagtalon ang tipaklong?

Sa aralin na ito, tutulungan ka na babaybayin nang wasto ang mga salitang may tatlo o apat na pantig mula sa kuwento.

Tara! Buksan mo ang iyong malawak na imahinasyon sa tekstong babasahin.

## Ang Utos ni Diwata sa Tipaklong

ni Edmon L. Montemayor

Lumilipad talaga noon ang tipaklong. Kung hindi lang nagkamali sa utos ni Diwata Marikit.



"O, ipangako mo sa akin na tuwing magtatakipsilim kailangan mong magpahinga at tumigil sa paglipad," sabi ni Diwata Marikit.

“Opo! Baka humina ang aking pakpak kung hindi ako magpapahinga,” tugon ng tipaklong. “Tama! Sa oras ng pamamahinga, dapat magpahinga,” pagtatapos ni Diwata Marikit.




Palubog na ang araw. Dinig na rin sa buong paligid ang hiyaw ng mga iba pang kulisap. Subalit, nagutom ang tipaklong. Tinignan niya ang kanyang lungga ngunit ubos na ang inipon niyang pagkain. Hindi siya nakatiis.

Lumipad ito para maghanap ng makakain. Ang hindi alam ng tipaklong palihim na pinagmamasdan siya ni Diwara Marikit.

Napansin ng tipaklong na unti-unti sumasayad ang

katawan niya sa damo. Kahit anong pagpupumilit niyang ipagaspas ang mga pakpak, wala na rin itong lakas.



Nagmakaawa ang tipaklong kay Diwata Marikit. Muling nagpakita ang diwata.


"Mawawalan ng lakas ang iyong mga pakpak sa paglipad pero bibigyan naman kita ng malakas na binti at matibay na tuhod sa iyong pagtalon. Huwag kang mag-alala makalilipad kang muli ngunit hindi na singtaas ng dati."

Hanggang ngayon walang tigil sa pagtalon ang tipaklong at sinusubukan pa rin niya na muling makalipad ng mataas.

Panuto: Tignan ang mga nasa larawan. Punan ng wastong pantig ang mga patlang upang mabuo ang ngalan ng nasa larawan. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1.  ti-pak- ____

2.  di-wa-__

3.  pu- __

## Suriin

Ano nga ba ang pantig? Ang pantig ay ang wastong pagbigkas sa pagsasabi ng salita. Ito rin ay ang paghahati o pagpapantig ng kabuuan ng isang salita.

Mga halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| 1. pagtalon | pag-ta-lon | (3 na pantig) |
| 2. paglipad | pag-li-pad | (3 na pantig) |
| 3. kagubatan | ka-gu-ba-tan | (4 na pantig) |
| 4. kalikasan | ka-li-ka-san | (4 na pantig) |
| 5. makalipad | ma-ka-li-pad | (4 na pantig) |

***Mga Tala para sa Guro***

Ipagawa ang mga pagsasanay sa mga mag-

.

# *Pagyamanin*

## Gawain 1



Panuto: Kilalanin ang mga larawan. Pumili ng isa at pantigin ito. Tukuyin ang bilang ng pantig. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1.



Pagpapantig - ______________________

Bilang ng Pantig - ______________________

2.  


Pagpapantig - ______________________

Bilang ng Pantig - ______________________

3.  


Pagpapantig - ______________________

Bilang ng Pantig - ______________________

4.  

Pagpapantig - ______________________

Bilang ng Pantig - ______________________

5.  

Pagpapantig - ______________________

Bilang ng Pantig - ______________________

## Gawain 2


Panuto: Piliin sa loob ng panaklong ang tamang pantig na bubuo sa salita para sa mga bahagi ng katawan ng tao. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. bi ____ (tu, du, su) ka
2. da ____ (ri, li, si) ri
3. ba ____ (ka, la, ra) kang
4. ki ____ (ti, pi, li)-kili
5. ta ____ (bam, san, lam) pakan

## Gawain 3


Panuto: Pantigin ang sumusunod na mga hugis. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

1. Parihaba




______________________


2. Biluhaba




3. Tatsulok



4. Parisukat



5. Bituin



## *Isaisip*

Panuto: Hanapin sa loob ng kahon ang tamang salita na bubuo sa mga hinahanap na pantig upang mabuo ang talata. Isulat sa sagutang papel ang tamang sagot.

| | | |
|---|---|---|
| bay | ta | ti |
| kas | tig | |

Ang **(1)** pagpapan-____ ito ay nangangahulugang wastong **(2)** paghaha-____ ng mga pantig ng isang **(3)** sali-____. Mahalaga ang pagpapantig dahil nakatutulong ito sa wastong **(4)** pagbig____ at
**(5)** pagbay-____ ng isang salita.

## *Isagawa*

Panuto: Bumuo ng 5 pangungusap na may salitang 3 hanggang 4 na pantig. Salungguhitan ang piniling salita at sa ibabaw ng salita ay ilagay ang numero o bilang ng pantig. Gawin ito sa sagutang papel.

**Halimbawa:**

**4**
<u>Ugaliing</u> maghugas ng kamay bago kumain.

1. ____________________________________________
____________________________________________
__________________________________________

2. ____________________________________________

____________________________________________

__________________________________________

3. ____________________________________________

____________________________________________

__________________________________________

4. ____________________________________________

____________________________________________

__________________________________________

5. ____________________________________________

____________________________________________

__________________________________________

6.




## *Tayahin*

Panuto: Gamit ang unang pantig ng bawat larawan tukuyin ang panibagong salita na mabubuo.

Halimbawa:



mata



tabo




lima



noo

Sagot: matalino


1.



manok




lapis




yoyo

Sagot: _______________


2.



mata




gagamb
a



langka


Sagot: _______________

3.


manok


tinidor


ilong


sintas

Sagot: _______________

4.


mata


tinidor


walis



lapis

Sagot: _______________

5.


mata


tinidor


puno


noo

Sagot: _______________

## Karagdagang Gawain

Panuto: Pantigin ang mga salitang mahahaba na nakasalungguhit sa bawat pangungusap. Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

1. Ang pagsunod sa utos ng magulang ay simbolo ng respeto.
2. Huwag mangangako sa isang tao kung hindi kayang gawin.
3. Maging totoo kahit walang nakakakita sa ating mga ginagawa.
4. Manatiling mapagpakumbaba ano man ang makamit.
5. Ang pagsunod sa batas ay simbolo ng pagiging mabuting mamamayan.

# Susi sa Pagwawasto

| Subukin | Balikan | Tuklasin | |
|---|---|---|---|
| 1. d<br>2. c<br>3. c<br>4. b<br>5. d | 1. makinis<br>2. mabaho<br>3. mapagmahal<br>4. maaliwalas<br>5. mapagkawanggawa | 1. long<br>2. ta<br>3. no | |
| Pagyamanin | | | |
| Gawain 1<br>Iwawasto ng guro ang naging papapantig batay sa larawang pinili. | Gawain 2<br>1. tu<br>2. li<br>3. la<br>4. li<br>5. lam | Gawain 3<br>1. Pa-ri-ha-ba<br>2. Bi-lu-ha-ba<br>3. Tat-su-lok<br>4. Pa-ri-su-kat<br>5. Bi-tu-in | |
| Isaisip<br>1. pagpapantig<br>2. paghahati<br>3. salita<br>4. pagbaybay<br>5. pagbigkas | Isagawa<br>Iwawasto ng guro ang isinulat na sagot na may kaugnayan sa larawan. | Tayahin<br>1. masipag<br>2. magalang<br>3. matiisin<br>4. matiwala<br>5. mapaglaro | Karagdagang Gawain<br>1.ma-gu-lang<br>2.ma-nga-nga-ko<br>3.to-to-o<br>4. ma-pag-kum-ba-ba<br>5. ma-ma-ma-yan |

# *Sanggunian*

## *a. Libro*

Ang Bagong Batang Pinoy, pahina 152

## *b. Internet*

P.O. no.21, s2019. Policy Guides on the Kto12 Basic Education Program

Pagpapantig, July 6, 2015
https://www.youtube.com/watch?v=VUdBF7xHSno

Pagpapantig, October, 30, 2019
https://www.slideshare.net/YburNadenyawd/pagpapantig-188571808

Ang Pantig at Paglapantigan, August 3, 2011
http://siningngfilipino.blogspot.com/2011/08/ang-pantig-at pagpapantig.html

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph